DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RECEIVED
10 NOV 2026
CTRL No.: 2026-11-570

9 Nobyembre 2026

Memorandum Pansangay
Blg. 570, s. 2026

DOKYUWENTO 2026: MALIKHAING DOKUMENTARYONG PILIPINO

PARA SA : MGA PUNONG-GURO AT TAGAPAMAHALA NG PAARALANG SEKUNDARYA
Sekundarya (Pampubliko at Pampribado)

1. Alinsunod sa layunin ng MATATAG Education Agenda na paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at malikhaing pagpapahayag, ang Dibisyon ng Lungsod Iriga ay magsasagawa ng pansangay na kompetisyon na pinamagatang **"DokyuWento: Malikhaing Dokumentaryong Pilipino"** na gaganapin sa **Bulwagang Gabaldon, Paaralang Sentral ng Iriga** sa **Sabado, Nobyembre 21, 2026**.

2. Ang paligsahang ito ay naglalayong:
   a) Mahubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsasalaysay, pag-unawa, at kritikal na pagsusuri ng teksto at biswal na impormasyon;
   b) Mapalawak ang paggamit ng wikang Filipino bilang daluyan ng malikhaing ekspresyon at adbokasiyang panlipunan; at
   c) Mabigyan ng plataporma ang mga mag-aaral upang maipamalas ang kanilang talento sa dokumentaryong pagsasalaysay at digital na midya.

3. Bukas ang kompetisyon sa tatlong (3) mag-aaral mula sa Baitang 10 at isang (1) gurong tagapagsanay mula sa pampubliko at pribadong paaralan. Ang tatanghaling kampeon ang magiging kinatawan ng Dibisyon sa *Regional Level* upang makipagpaligsahan para sa puwesto patungong **National Festival of Talents (NFOT)**.

4. Magkakaroon ng butaw ang bawat kalahok sa halagang Limang Daang Piso (P500. 00) para sa medalya, sertipiko, pagkain ng mga hurado at komite na manggagaling sa pondong lokal ng paaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pag-awdit.

5. Bilang paghahanda, inaanyayahan ang lahat ng koordineytor sa Filipino na dumalo sa onlayn na pagpupulong sa **Biyernes, Nobyembre 13, 2026** ganap na **9:30 ng umaga** sa tulong ng Google Meet link: https://meet.google.com/yfg-tcxg-bfw upang pag-usapan ang mga detalye ng inspeksiyon ng gadget at iba pang mekanismo ng timpalak.

6. Dahil sa ang Nobyembre 21, 2026 ay natapat sa Sabado, kung kaya't ang lahat ng kalahok na guro, superbisor at iba pang kawani ay pagkakalooban ng Service Credits (para sa teaching personnel) o Compensatory Time-Off (CTO) (para sa non-teaching personnel) para sa pagdalo sa araw na ito, alinsunod sa DepEd Order No. 53, s. 2003 at CSC-DBM Joint Circular No. 2, s. 2004.

7. Para sa impormasyon at malawakang diseminasyon.

MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

Kalakip para sa DM Blg. 570 *s. 2026*

MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANISMO

DOKYUWENTO 2026: MALIKHAING DOKUMENTARYONG PILIPINO

Kalahok:	**3 mag-aaral mula sa Baitang 10**
Tagapagsanay:	**1** guro
Laang Oras-	**6 oras**- paghahanda at pagsasanay at **5 minuto** sa pagtatanghal
Kasuotan:	Plain **white t-shirts at maong na pantalon**

Mekanismo:

A. Bago ang Pagganap

1. Ang paligsahang ito ay bukas sa lahat ng pampubliko at pampribadong paaralan.

2. Ang pagbunot ng mga kalahok para sa kanilang numero ng pagkakakilanlan ay isasagawa 30 minuto bago magsimula ang paligsahan. Awtomatikong diskuwalipikado sa timpalak ang kalahok na mahuhuli o darating habang nagsisimula na ang pagganap.

3. Sa holding area, bawal nang pumasok ang mga magulang at tagapagsanay, kung kaya't magdala na ng snacks at tubig.

4. Isang araw bago ang timpalak, magsasagawa ng pag-inspeksiyon ang Technical Working Group (TWG) ng mga mobile phone kung ito ay sumunod sa mga teknikal na kahingian. Dapat tiyaking fully charged ang mga mobile phone bago ibigay sa TWG.

5. Mahigpit na pinagbabawal ang paggamit ng mga applications na may ready-made templates na maaaring maging dahilan ng diskwalipikasyon.

B. Habang Gumaganap

1. Sa silid-hintayan, ibibigay ang mga babasahing teksto (artikulo, batas, balita, saliksik) na magiging batayan ng paksa para sa DokyuWento.

2. Dalawang (2) oras ang ilalaan upang basahin at suriin ang mga teksto, at bumuo ng balangkas ng konsepto, iskrip, o storyboard.

3. Apat (4) na oras ang ilalaan sa pag-shoot at pag-edit sa isang maluwang na silid-paligsahan. Malayang makagagalaw ang mga kalahok upang mag-shoot at mag-interview.

4. Hindi pahihintulutan ang pakikipag-usap ng mga kalahok sa kapuwa kalahok o sa kanilang tagapagsanay habang nasa paligsahan.

5. Ang mga aplikasyong puwedeng gamitin lamang ay Cap Cut at Adobe Premiere Rush. Bawal ang paggamit ng internet connection o mobile data.

6. Ang video ay hindi lalampas ng limang (5) minuto. Ang pag-save ng file ay bahagi ng kabuoang oras.

C. Pagkatapos ng Pagganap

1. Sa itinakdang oras, ipapalabas ang lahat ng nabuong video sa isang silid paligsahan ayon sa pagkakasunod-sunod.
2. Bibigyan ng kapasiyahan ayon sa rubric at magbibigay ng feedback ang mga hurado.
3. Ang mga DokyuWento na lalampas sa limang (5) minuto ay magkakaroon ng kabawasan ng puntos ayon sa rubric.
4. Ang desisyon ng hurado ay pinal at hindi mapasusubalian.

D. Pamantayan sa Pagtatanghal:

Pamantayan	Bahagdan
Nilalaman • Angkop ang paksa mula sa teksto at may malinaw na batayan • Holistiko at maayos ang pagkakabuo • May hook (tanong, estadistika, o nakagugulat na impormasyon) • Malinaw ang ugnayan ng mga konsepto • Angkop at tumpak ang mga salita	40%
Kalidad/Presentasyon • Mabisa at malikhain ang paggamit ng wika • Natatangi ang teknik na ginamit • Angkop ang daloy ng ideya • • Gumamit ng visual effects (video transition/animation)	30%
Hikayat/Dating sa Madla • Nakapanghihikayat at kapana-panabik ang bawat daloy • Naipakita ang empatiya at responsableng pananaw	20%
Nakasunod sa Takdang Oras • Naipasa sa takdang oras • Nakasunod sa 5-minutong limitasyon	10%
KABUOAN	**100%**

E. Kabawasan ng Puntos para sa Labis na Oras:

Labis na Oras sa Pagpasa	Kabawasan
1-10 segundo	1 puntos
11-20 segundo	2 puntos
21-30 segundo	3 puntos
31-40 segundo	4 puntos
41-segundo pataas	5 puntos